# Balitang Manmin

BILANG 170 DISYEMBRE 18, 2016


# Maaari Kayong Maging mga Cristianong may Kapuri-puring Buhay sa Tulong ng Salita at Panalangin




Kapag nagsusulong kayo ng kapuri-puring buhay Cristiano, magkakaroon kayo ng mabangong samyo ni Cristo para maibahagi ang ebanghelyo at maging mabuti at kalagayan ninyo sa bawat bagay na gagawin ninyo. Maalab na idinadalangin sa pulong-panalanging Daniel na maipahayag ang Diyos na buhay sa buong mundo (itaas). Nagdadaos ng Bible Quiz bawat taon batay sa 365 na talata na isinaulo sa buong taon (ibaba).

Naisulat sa 1 Kay Timoteo 4:5, "Sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ng panalangin," ang unang paraan para magkaroon ng 'mahalagang buhay Cristiano' o 'buhay Cristianong totoong aprubado ng Diyos' ay ang pag-aaral ng Salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia at pagsunod dito.

Hinihikayat ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga miyembro ng Manmin Central Church na magbasa ng isang kabanata ng Biblia at magsaulo ng isang talata bawat araw. Kapag nasa mga puso nila ang Salita, maririnig nila ang tinig ng Banal na Espiritu at matatanggap nila ang gabay Niya kung paano magkakaroon ng mga kasagutan at mga biyaya.

Sa Biblia, nakasulat ang mga utos ng Diyos na nagsasabing 'Gawin', 'Huwag gawin', 'Iwasan', at 'Sundin' ang isang bagay. Kung isasa-isip ng nagbabasa ang mga dapat sundin at dapat iwasan, at ipapanalangin ang mga ito, magiging madali ang pagpapabanal nila. Marami na ang nakatanto ng pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon, at nakatanggap ng mga kasagutan at paggaling dahil dito.

Nadiskubre ni Diakonesa Esther Wanziru na taga-Kenya ang kasamaan niya nang basahin niya ang Biblia. Nagsisi siya ng lubos, gumaling ang problema niya sa mata at ang pananakit ng gulugod niya. Gumaling din ang bato ni Kapatid Suresh Nectar na taga-India pagkatapos niyang basahin ang buong Biblia.

Ang pangalawang paraan para magkaroon ng 'buhay Cristianong totoong aprubado ng Diyos' ay maalab na pananalangin. Tutulungan kayo nito na matanto ang kalooban ng Diyos, palalakasin kayo nito para magsulong ng buhay ayon sa kalooban Niya.

Matamis sa panlasa ng mga miyembro ng Manmin ang pananalangin. Nagpupulong sila gabi-gabi sa ganap na ika-9:00 ng gabi sa pulong-panalanging Daniel para maalab na makapanalangin para sa kaharian ng Diyos. Idinadalangin nila ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa bansa, ang pagmimisyon sa buong mundo, at ang pagtupad ng kalooban ng Diyos. Ang Pulong-Panalanging Daniel ay ibinobrodkast sa mahigit-kumulang 170 mga bansa ng GCN (www.gcntv.org). Pwedeng sumabay at makipanalangin kahit sino.

Sinabi ni Kapatid Butcher Kara na taga-Thailand, "Idinalangin ko na mabahagian ng ebanghelyo ang pamilya ko at tinanggap ko ang panalangin na may panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Gumaling ang sakit sa puso at 'autism' ng kapatid kong lalaki, at nakalaya mula sa masasamang espiritu ang nanay ko. Nagpapasalamat at nasisiyahan ako sa pagdalo sa pulong-panalanging Daniel, idinadalangin ko na nawa ay baguhin nito ang buhay ko.

Para maging tunay na Cristiano, dapat nating matutuhan ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa pagiging Cristiano sa pamamagitan ng mga sermon. Tinanggap ni Dr. Jaerock Lee ang mga paliwanag tungkol sa Biblia mula sa Diyos sa tulong ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, ipinangaral niya ito sa mga sermon niya. Napakaraming serye ng sermon, malaki ang naging pakinabang ng mga miyembro sa mga ito sa paglago ng pananampalataya nila.

Nakatulong sa mga miyembro ang The Message of the Cross, The Measure of Faith, Love Chapter, Nine Fruits of the Holy Spirit, Beatitudes, Seven Spirits, at Goodness, para magbago at sumagana ang mga kaluluwa nila.

Ang cassette tapes at CDs ng mga sermon ay mabibili sa tindahan ng mga libro na nasa iglesya at mayroon ding 'text files' at 'MP3 files' sa www.manmin.org at www.gcntv.org. Ginawa ding libro ang serye ng mga sermon at isinalin at inilathala sa 61 mga wika. Malaking tulong ang ebanghelyo ng kabanalan sa pagpapalakas ng mga tao mula sa iba't ibang bansa.

Araw-araw, nakatingin ang Diyos sa minamahal Niyang mga anak na gustong magbago sa tulong ng Salita Niya at pananalangin. Dahil batid nila na naghihintay Siya, nagsisikap silang maging banal.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus (1)

"Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." (Lucas 23:34)

"Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, ngayon ikaw ay makakasama Ko sa paraiso." (Lucas 23:43)

Nagsalita si Jesus bago Siya humugot ng huling hininga sa krus. Tinatawag itong "Ang Huling Pitong Wika sa Krus." Sa edisyong ito, ipapaliwanag ang una at pangalawang wika.

### Ang Unang Wika, "Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

Si Jesus na Anak ng Diyos ay ipinako sa krus, isang brutal na paraan ng pagpaparusa dahil sa mga kasalanan natin. Tinanggap Niya ang parusang kamatayan at dumanas Siya ng lahat ng klaseng pagdurusa at dalamhati para sa sangkatauhan na dapat parusahan ng kamatayan. Hindi ito batid ng mga sundalong Romano at ng mga mamamayan ng Israel kaya hindi sila nagdalawang isip na akusahan at hamakin si Jesus. Trinato Siyang isang taong makasalanan habang nakabitin Siya sa krus.

Pero tahimik lang na nagdusa si Jesus, idinalangin Niya na patawarin ng Diyos ang mga taong nagpumilit na patayin Siya. Tandaan ninyo na ang panalanging ito ay hindi lang para sa mga taong naroon sa lugar at nakasaksi ng pagpako kay Jesus sa krus; para rin ito sa lahat ng sangkatauhan na naninirahan sa kadiliman. Ang panalangin ni Jesus na puno ng pag-ibig ay ang mismong dahilan kung bakit hindi mabilang na mga tao ngayon ang tumatanggap ng kaligtasan.

Nais ng 'Walang Bahid na si Jesus', na nanalangin ng buong pagmamahal para sa lahat ng makasalanan sa mga huling sandali ng buhay Niya, na magmahalan ang lahat ng anak ng Diyos at magpatawad sa lahat ng tao. At sa Mateo 6:12, Tinuruan din Niya tayong manalangin, "At patawarin Mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin." Kahit may mga umuusig sa atin nang wala namang dahilan, ayaw ng Diyos na gumanti tayo o magtanim ng sama ng loob. Sa halip, pakitaan natin ng kabutihan ang mga taong umuusig sa atin (Mateo 5:44-45).

Kaya, tularan natin si Jesus na umibig kahit sa mga makasalanan na nagpako sa Kanya sa krus at umalipusta sa Kanya. Mahalin natin ang mga kapatid natin, at patawarin kahit ang ating mga kaaway.

### Ang Pangalawang Wika, "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, ngayon ikaw ay makakasama ko sa Paraiso."

May dalawang kriminal na ipinako sa krus sa magkabilang tabi ni Jesus. Kinutya ng isa sa kanila si Jesus, pero pinagsabihan ito ng isa. Pagkatapos, nagmakaawa siya kay Jesus, "Jesus, alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong kaharian!" At sumagot si Jesus at nangako sa kriminal, "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, ngayon ikaw ay makakasama Ko sa Paraiso."

Malalim ang espirituwal na kahulugan ng pangalawang wikang sinabi ni Jesus. Ang una ay "Paraiso" na nasa kahariang nasa kalangitan. Sa 2 Mga Taga-Corinto 12:2-4, isinulat ni Apostol Pablo na "dinala ang isang lalaki kay Cristo sa ikatlong langit...sa Paraiso, at nakarinig ito ng mga salitang hindi dapat sabihin at hindi ipinahihintulot na ulitin." Sa iba pang bahagi ng Biblia – tulad ng Nehemias 9:6, na nagsasabi sa atin tungkol sa "langit ng langit ng mga langit" – binabanggit ang "pinakamataas na langit" at iba pa. Bukod sa langit na nakikita natin, mayroon pang ibang mga langit sa espirituwal na kaharian (1 Mga Hari 8:27; Mga Awit 68:33).

Ang "ikatlong langit" – kung saan naroon ang kaharian sa langit – ay nahahati sa maraming tirahan, kabilang na dito ang Paraiso, kung saan dinala si Apostol Pablo, at ang lunsod ng Bagong Jerusalem, na inilarawan sa Pahayag 21:10-11. Ang Bagong Jerusalem ang nasa pinakamataas na bahagi ng kaharian ng langit. Dito maninirahan ang mga ganap na tumulad sa ating Panginoon, mga lubos na nagwaksi ng lahat ng kasalanan at kasamaan, at mga naging tapat sa lahat ng aspeto.

Tumanggap sa Panginoon ang isang kriminal sa tabi ni Jesus habang nakapako sa krus, naligtas siya bago mamatay. Wala siyang pagkakataong magwaksi ng mga kasalanan at kasamaan mula sa puso niya. Wala din siyang nagawa para ipakita sa Panginoon ang katapatan niya; iniligtas lang talaga siya. Makakapasok sa Paraiso, ang pinakamababang tirahan sa kaharian sa langit, ang mga katulad niya. Sa pagitan ng Paraiso at Bagong Jerusalem, mayroon pang iba't ibang tirahan, at ang tirahan ng bawat isa ay malalaman ayon sa kabanalan, pananampalataya, at katapatan nila.

Dahil makatarungan ang Diyos, kalooban Niyang anihin ng bawat tao ang katumbas ng kanilang itinanim dito sa mundo, kaya ang kaharian ng langit ay hinati sa iba't ibang antas. Sa madaling salita, magkakaiba ang tirahan, depende ito sa kung gaano naiwaksi ng isang tao ang kasalanan niya at kung gaano niya tinularan ang Panginoon. Magkakaiba din ang kaluwalhatian, gantimpala, kagalakan, at kapangyarihan na tatanggapin ng bawat isa sa bawat tirahan.

Kaya sinasabi sa atin ng 1 Mga Taga-Corinto 15:41, "Mayroong kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin, sapagkat ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian." Kung tunay ang pananampalataya ng isang tao, dapat maging masigasig siya sa hangaring makarating sa pinakamabuting tirahan sa langit. Sinasabi sa atin ng Mateo 11:12, "Mula sa mga araw ni Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay sapilitang pinapasok at sinasakop ng mga taong mararahas," habang pinagsisikapan nating magtagumpay mula sa kaaway na diyablo at sa kasalanan, at tularan ang Panginoon, mas magkakaroon tayo ng pagkakataong makuha ang mas magandang tirahan sa langit.

Kung papayagan tayong pumasok sa Langit na may inggit, selos, panghuhusga, paghatol, galit, pagtataksil, pandaraya, kasakiman, pakikiapid, at iba pang kasalanang tulad ng mga ito, hindi na magiging banal at masaya ang Langit. Kaya hindi tayo makakapasok sa langit ng may kasalanan at kasamaan sa puso. Dapat mabuti at espirituwal ito. Maninirahan sa isang tirahan ang mga mayroong magkakaparehong sukat ng kabutihan at kabanalan. Kung nasisiyahan ang isang tao na magtrabaho o manirahan sa isang lugar na may mga taong kaedad niya o kasundo niya dito sa mundo, mas magiging kumportable at masaya ang buhay sa langit kung kasama nila sa tirahan ang mga taong may kaparehong sukat ng kabanalan, pananampalataya, at pagtulad sa Panginoon.

Sinabi ni Jesus sa kriminal na ipinako sa tabi Niya, "Ngayon, ikaw ay makakasama Ko sa Paraiso." Hindi ito nangangahulugang kasama ni Jesus sa Paraiso ang kriminal. Sinabi Niya ito dahil Siya ang Panginoon ng lahat ng tirahan sa langit, Siya ang mamumuno sa lahat ng ito pagkatapos ng muling pagkabuhay at pagakyat Niya sa langit.

Hindi nangangahulugang pumunta sa Paraiso si Jesus noong araw na ipinako Siya sa krus dahil binanggit Niya ang salitang "Ngayon." Dahil naging anak ng Diyos ang kriminal pagkatapos nitong sumampalataya at maligtas, sinabi ni Jesus sa kanya na kasama Siya nito sa lahat ng dako magmula ng araw na iyon. Tulad nito, kapag tumanggap tayo sa Panginoon at maligtas, magmula sa araw na iyon, aalalahanin tayo ng Panginoon, sasamahan Niya tayo palagi.

Saan pumunta si Jesus noong araw na namatay Siya sa krus (Biyernes)? Ayon sa Mateo 12:40, "...gayundin naman ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing mapapasailalim ng lupa," at ipinapaalala sa atin ng Efeso 4:9 na si Jesus ay "bumaba rin sa mas mababang bahagi ng lupa." Sinasabi rin sa atin ng 1 Pedro 3:19, "Siya ay pumunta at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan." Tandaan natin na pagkamatay ni Jesus sa krus, hindi Siya pumunta sa Paraiso kundi "nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan." Ang itinutukoy na mga "espiritung nasa nasa bilangguan [ngayon]" ay lahat ng ligtas na namatay bago ipako si Jesus sa krus para maging Tagapagligtas.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hanggang sa huling sandali ng buhay ni Jesus sa mundong ito, nanalangin Siya para sa sangkatauhan, binigyan Niya ng pag-asang makarating sa Langit ang kriminal na tumanggap sa Kanya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sapilitang makamit nawa ng bawat isa sa inyo ang mas mabuting tirahan sa langit sa pamamagitan ng pag-unawa o pagtanto ng mas malalim at mas malinaw ng pag-ibig Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Buwagin ang Pagmamalinis o Pagmamatuwid

Ang 'pagmamalinis o pagmamatuwid' ay nakikita sa iba't ibang paraan sa buhay natin, madalas nating isipin na tayo ang tama. Para matularan natin ang Panginoon at maging maligaya sa kalayaan ayon sa katotohanan, magmadali tayo sa pagbuwag ng pagmamalinis o pagmamatuwid.

## Pagmamalinis o Pagmamatuwid: Ipinipilit na kayo ang tama

Iba't ibang klase ang pagmamalinis o pagmamatuwid: may makamundong pagmamalinis na lumalaban sa kalooban ng Diyos at pagmamatuwid ayon sa katotohanan. Mahirap makita ang huling binanggit, kadalasan ang nakakakita lang nito ay ang nakakabatid ng katotohanan, at kumikilos sila ayon dito.

Iniisip ng iba na malinis o matuwid sila dahil ginagawa nila ang tungkulin nila at nagbubunga pa. Iniisip nila na malaki ang pananampalataya nila at tama ang mga saloobin at mga gawa nila. Nagbibigay ang Diyos ng pagsubok para madiskubre nila ang pagmamalinis o pagmamatuwid na ginagawa nila para buwagin nila ito.

Kung may makamundong pagmamalinis o pagmamatuwid ang isang tao, hindi niya pakikinggan ang mga sasabihin ng ibang tao kahit alam niya na tama sila, mataas kasi ang tingin niya sa sarili niya. Iba dito ang pagmamalinis o pagmamatuwid na ayon sa katotohanan. Naghahangad ito na makatulong sa ibang tao kaya ipinipilit ang sariling ideya.

Sa Juan 12:1-6, kumuha sa Maria ng isang libra ng mamahaling pabango na purong nardo, at pinahiran niya ang mga paa ni Jesus at pagkatapos, ang mga paa ay pinunasan niya ng kanyang buhok. Nagsalita si Judas Iscariote, "Bakit hindi ipinagbili ang pabangong ito ng tatlong daang denario, at ibinigay sa mga dukha?" Parang tama ang sinabi niya, pero, hindi taos-puso ang pagmamalasakit niya sa mahihirap. Gusto niyang nakawin ang inilalagay na halaga sa supot.

Imposibleng husgahan agad kung tama o mali kung panlabas lang ang ang titingnan. Magkakaiba din ang pag-iisip ng tao dahil bawat isa ay lumaki sa magkakaibang kapaligiran at natuto sa iba't ibang paraan. Gamitin natin ang Salita ng Diyos bilang pamantayan. Kung nagmamalinis o namamatuwid kayo, makakagulo kayo. Tukuyin agad ninyo ang pagmamalinis o pagmamatuwid na ito at buwagin. Kapag nabuwag na ninyo ito, maaari na ninyong sundin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras at aani na kayo ng masaganang kasagutan at mga biyaya mula sa Panginoon.

## Iwasang Maging Mayabang, Mula Ito sa Pagmamalinis o Pagmamatuwid

Kung ang Salita ng Diyos ay kaalaman lang para sa inyo at hindi ninyo ito pinalalago sa puso ninyo, baka hindi ninyo napapansin ang kayabangan ninyo. Kung mayabang kayo, hindi ninyo mapapansin na ang sinasabi o ginagawa ninyo ay hindi ayon sa katotohanan. Makinig kayo palagi sa ibang tao. Kahit natitiyak ninyo na tama kayo, kung sasabihin ng iba na mali kayo, mag-isip kayong mabuti at manalangin, balikan ninyo ang mga saloobin ninyo.

Ilugar ninyo ang sarili sa kinalalagyan ng ibang tao sa bawat situwasyon. Kung magiging patas kayo, makikita ninyo kung ano ang mali at kung ano ang tama. Pero kung may kikilingan kayo, iisipin ninyo na kayo ang tama at ipipilit ang sariling opinyon, Hindi ninyo napapansin na lumalabas ang kayabangan ninyo.

Kung ganito ang mangyayari, papayagan ng Diyos na dumaan kayo sa pagsubok para lumabas ang pagmamalinis o pagmamatuwid ninyo, malalaman ninyo kung paano ninyo bubuwagin ito. Pero hindi ito naiintindihan ng iba. Nagrereklamo sila, "Kailan ko kaya tatanggapin ang mga kasagutan ng Diyos? May pag-asa kaya akong magbago? Makakapunta nga kaya ako sa Bagong Jerusalem? Bakit ako ipinanganak? Gusto kong magmadali sa pagpunta sa Langit, kahit sa Paraiso lang." Kung totoong batid nila ang katotohanan, hanapin at pagdaanan muna nila ang malalim ng pag-ibig ng Diyos sa mga pagsubok, at pagtagumpayan ito sa pamamagitan ng pananalangin ng maalab para sila ay magbago.

Ibinilanggo si Apostol Pablo na nagpakita ng dakilang kapangyarihan ng Diyos nang ipangaral niya ang ebanghelyo kasama si Silas. Nanalangin at umawit sila ng mga awiting papuri sa Diyos habang nasa bilangguan sila. Nagawa nila ito dahil naunawaan nila ang kalooban ng Diyos na nagbabantay at nahahabag sa kanila (Ang Mga Gawa 16:22-26).

## Tatlong Klase ng Pagmamalinis o Pagmamatuwid na Nakikita sa Buhay Natin

### Una, nakikita ang pagmamalinis o pagmamatuwid sa pagsuway sa kaayusan

Suriin ninyo kung sinusuway ninyo ang kaayusan dahil malaki ang hangarin ninyo para sa mga espirituwal na bagay. Nakaayos na ang kaharian ng Diyos, kaya dapat ninyong sundin ang mga kautusan. Hindi kayo makakasunod kung iisipin ninyo, 'Mas may karanasan ako' o 'Mas kaya ko'. Kahit mas magaling kayo kaysa sa taong mas mataas ang posisyon kaysa sa inyo, dapat paglingkuran at sundin ninyo siya ng taos-puso. Isipin ninyo kung paano kayo magtatagumpay sa gawain ng Diyos kung tutulungan ninyo siya. Makikita ng Diyos ang pagsunod ninyo, gagawin Niyang mabuti ang lahat ng bagay para sa inyo.

### Pangalawa, nakikita ito sa makasariling motibo at paggawa o pagkilos

Huwag ninyong kalilimutan na ang tungkuling ibinigay sa inyo ng Diyos ay dapat tuparin para sa kaharian ng Diyos at hindi para maging mayabang, sikat, o makinabang kayo. Dapat nakahanda kayong magbigay kahit iba ang napupuri sa isang bagay na ginawa ninyo kung para naman ito sa kaharian ng Diyos. Kung gusto ninyong ipakita ang tulong na ginawa ninyo at sumasama ang loob ninyo kung napupunta sa iba ang papuri, makasarili ang motibo ninyo, sinarili ninyo ang paggawa.

### Pangatlo, nakikita ang pagmamalinis o pagmamatuwid kung ang pinakamahalaga sa inyo ay ang salitang 'akin'

Maaaring para sa inyo, ang salitang 'akin' ay pamilya ninyo o ang mga bagay na pinapahalagahan ninyo ng higit sa lahat ng bagay. Buwagin ninyo ito. Hindi ninyo mapapahalagaha ang ibang tao o hindi kayo magpaparaya kung ganito ang takbo ng isipan ninyo. Kung itinakda ninyo ang sariling pamantayan at sukatan para sa ibang tao, hindi ninyo sila matatanggap at mapapatawad. Suriin ninyo kung kaya ninyong unahin ang 'ibang tao', at magsanay na maging bukas ang kalooban sa pagpaparaya sa ibang tao.

# "Natanggap Ako sa Royal Academy of Fine Arts sa Belgium"

Kapatid Taehyuk Kong, Misyon para sa mga Kabataan, Manmin Central Church

Ang Royal Academy of Fine Arts sa Antwerp, Belgium ay isa sa tatlong pinakamahuhusay na paaralan ng pagdidisenyo ng damit sa buong mundo. Dalawang beses bawat taon itong nagbubukas para tumanggap ng mga gustong pumasok dito, Hulyo at Setyembre. Noong Nobyembre 2015, bilang paghahanda sa pagsusulit na itinakda para sa Hulyo 2016, pumasok ako sa isang pribadong paaralan. Mayroong pitong prosesong pagdaraanan, kasama sa pitong ito ang, pagsusuri ng listahan/larawan ng mga bagay na tinapos at nagawa, panayam, pagsusulit sa pagdidisenyo, at pagsusulit tungkol sa makatotohanang pagpapaliwanag ng disenyo. Nag-aral akong gumuhit mula pa noong bata ako, napanalunan ko ang medalyang pilak sa isang pandaigdigang kumpetisyon noong nasa mataas na paaralan na ako. Nagsimula akong mag-aral ng pagdidisenyo ng mga damit sa panahong ito. Pinagmamalaki ko ang mga disenyo ko dahil ginawaran na ako ng parangal.

Pero hindi ako nakapasa sa mga pagsusulit. Sinuri ko ang sarili ko, natanto ko na umasa ako sa sarili kong kakayahan at hindi sa Diyos. Mayroon akong isa't kalahating buwan para maghanda ulit, mula kalagitnaan ng Hulyo hanggang sa Setyembre 1 kung kailan gagawin ang susunod na pagsusulit. Pinayuhan ako ng mga guro ko sa paaralan na magdagdag pa ng mga disenyo at pagkatapos subukang pumasok ulit. Pero gusto kong gumawa ng mga bago. Sinimulan kong maghanda nang walang tulong mula sa iba.

Ginugol ko ang nakaraang taon sa paggawa ng unang mga disenyo ko. Parang imposibleng gumawa ng mga bago sa maiksing panahon. Hindi ako inspiradong magdisenyo, wala akong natapos. Nang magsimula ang buwan ng Agosto, naisip kong malapit na ang Retreat sa Tag-init ng Manmin. Kung dadalo ako, 15 araw na lang ang matitira sa preparasyon ko. Sabi ng mga kaibigan ko na hindi na kailangan pang tanungin kung makakaya ko kaya ito.




Inisip ko na pagpapalain ako ng Diyos kung pupunta ako sa retreat pero ninenerbiyos din ako dahil nga hindi ako pumasa noong una. Dumalo ako sa retreat. Sa ikatlong araw, habang umaawit ako ng papuri sa pagsamba sa tabi ng campfire na pinamumunuan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, nadama ko sa puso ko na sinagot na ang panalangin ko. Hindi na ako ninenerbiyos.

Pagkatapos ng retreat, nagkaroon ako ng inspirasyon at maraming malikhaing ideya. Pakiramdam ko, may kumpletong proyekto na ako, sinunod ko ito. Nakagawa ako ng panibagong listahan/larawan ng mga disenyo sa loob lamang ng 15 araw.

Pagdating ng Setyembre 1, pumasok ako sa kwarto kung saan gaganapin ang pagsusulit, may lakas ng loob. Sinimulan kong gumuhit gamit ang lapis, pero hindi ko nagustuhan ang kinalabasan. Pinuntahan ko ang website ng iglesya sa smartphone ko at tinanggap ang panalangin ng punong pastor. Gumuhit akong muli. Mahusay na ang pagguhit ko, nasiyahan ako sa ginawa ko, kinopya pa ng ibang aplikante ang estilo ko.

Pagdating sa panayam, nakita kong naroon din ang mga guro na nakipanayam sa akin noong unang beses na subukan ko. Naalala ko si David na papalapit kay Goliat. Inisip ko, "Tinanggap ko ang panalangin ng pastol, hindi ako dapat matakot."

Maayos ang naging panayam, sa tingin ko, nagustuhan nila ako. Sinabi pa ng isa sa kanila, "Bakit ka bumagsak noong unang pagsusulit?" Kinabukasan, nalaman ko na tanggap na ako sa eskwelahan. Bukod dito, sinabi ng kaeskwela kong banyaga na napakaganda ng ginuhit ko, pinayuhan niya akong dalhin ito sa pwesto ng isang kilalang nagdidisenyo. Sinunod ko siya, dahil dito, ang mga disenyong iginuhit ko ay gagamitin sa Hulyo 2017. Hallelujah!

Kahit maliit na pananampalataya lang ang ipinakita ko sa pagsali ko sa retreat sa tag-init, dakila ang kasagutang ibinigay sa akin ng Diyos, pinatpatnubayan Niya ako. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos dahil sinagot Niya ako. Nagpapasalamat din ako sa punong pastor.

# "Gumaling ang Tatay Ko Mula sa Malalang Demensya o Pagkauliyanin!"

Kapatid na Cheisusun, 34 taong gulang, Taiwan Manmin Church

Noong Pebrero 2013, nagsimula akong dumalo sa Taiwan Manmin Church (pangalawa sa kanan, likuran). Habang pinapakinggan ko ang sermon tungkol sa Langit at Impiyerno, naisip kong baka pupunta ako sa Impiyerno kung ipagpapatuloy ko ang buhay kong gumon sa kasamaan. Sinimulan kong lumayo sa mga makamundong bagay, hindi na ako sumama sa inuman ng mga kasama ko sa trabaho. Sinikap kong manalangin at magbago. Nagboluntaryo ako sa gawain ng iglesya at ipinangaral ko ang ebanghelyo. Noong Hunyo 2013, nabahagian ng ebanghelyo ang pamilya ko.

Noong Mayo 2015, pinabunot ko ang 'wisdom tooth' ko sa kaliwa, pero masakit pa rin. Hindi makita ng ospital kung ano ang dahilan, kaya sinuri ko kung may kinalaman sa espirituwal ang dahilan. Naalala ko na hindi ko ginamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee kahit marami na ang nakapagsabi na gumaling sila mula sa mga karamdaman sa tulong nito (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nagsisi ako at nanalangin habang nakapatong ang makapangyarihang panyo sa bahagi ng bibig kong masakit. Lumitaw na may naiwang maliit na piraso ng ngipin na binunot mula sa akin, natanggal na rin ito. Hallelujah!

Noong Abril 2016, sa pamamagitan ng panalangin, gumaling ang pamamaga ng mga mata ko dahil sa allergy. Mas lalo akong nagtiwala sa kapangyarihan ng pastol. Noong Hunyo 27, 2016, sinabi ng tatay ko na biglang lumabo ang paningin niya. Kinabukasan,




bigla na lang siyang nagalit at naghubad. Kung anu-ano ang sinabi niya at kakaiba ang kilos niya.

Noong Hulyo 20, ipinasuri siya sa doktor. Nasuri na may malala siyang demensya (ulyanin). Naghandog ang buong pamilya namin ng 21 pangakong-panalangin sa pulong-panalanging Daniel, nag-ayuno, at tinanggap namin ang panalangin para sa maysakit. Samantala, naging kalmado na siya, bihira na siyang magalit.

Bumisita ako sa Korea para dumalo sa retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong ito. Dinala ko sa iglesya ang litrato ng tatay ko at sinabi ko kung ano ang sakit niya. Noong Agosto 7, idinalangin siya ng punong pastor sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Kumilos ang Diyos at nagpakita ng kapangyarihan na lumalampas sa lugar at panahon. Pagkatapos ng pagsamba, tinawagan ko ang nanay ko sa telepono. Sinabi niya na may gana nang kumain ang tatay ko, nakatulog na rin ito. Hallelujah!

Noong Agosto 8, dumalo ang tatay ko sa retreat sa pamamagitan ng internet, tinanggap niya ang panalangin ng punong pastor. Bumalik ang alaala niya at nawala na ang iba pa niyang karamdaman.

Noong Setyembre 20, muli siyang nagpasuri, nakitang nagbalik na sa normal ang pag-iisip niya. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpadanas sa amin ng kamangha-manghang kapangyarihan Niya. Nagpapasalamat din ako sa punong pastor na nanalangin para sa amin.



Kaliwa, Bago ipanalangin, nasuring may demensya o uliyanin (kaliwa), pagkatapos idalangin, gumaling na, CDR score 1 (kanan)

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Pláridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714